



ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: <https://etcor.org>



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577



The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Perspektiba ng Iba't Ibang Henerasyon sa Paggamit Muli ng GCash: Epekto ng Seguridad, Panganib, Digital Financial Literacy, at ang Moderating na Papel ng Kaginhawaan sa Metro Manila

Patrick R. Hariramani, MBA

De La Salle University

Corresponding Author e-mail: patrick.hariramani@dlsu.edu.ph

Received: 26 April 2025

Revised: 27 May 2025

Accepted: 29 May 2025

Available Online: 02 June 2025

Volume IV (2025), Issue 2, P-ISSN – 2984-7567; E-ISSN - 2945-3577

<https://doi.org/10.63498/etcor340>

Buod

Layunin: Sinusuri ng pag-aaral na ito ang epekto ng Perceived Security, Perceived Risk, at Digital Financial Literacy sa Reuse Intention ng mga gumagamit ng GCash mula sa Henerasyon X, Y, at Z sa Metro Manila, Pilipinas, habang sinusuri ang moderating effect ng Kaginhawaan sa mga relasyon na ito. Tinatalakay ng pag-aaral ang mga kakulangan sa pag-unawa kung paano naaapektuhan ng mga salik na ito ang muling paggamit ng mobile wallet sa iba't ibang henerasyong panggrupo.

Pamamaraan: Gumamit ng quantitative correlational design sa pamamagitan ng pagsasagawa ng survey sa 450 aktibong GCash users na naka-kategorya ayon sa kanilang henerasyon. Inanalisa ang datos gamit ang Jamovi software sa pamamagitan ng descriptive statistics, Pearson's correlation, simple at multiple linear regressions, moderated regression, at MANOVA upang suriin ang mga relasyon, moderasyon, at pagkakaiba ng mga henerasyon.

Mga Resulta: Ang Perceived Security ($\beta = 0.36$, $p < .001$) at Digital Financial Literacy ($\beta = 0.295$, $p < .001$) ay may positibo at makabuluhang ugnayan sa Reuse Intention, samantalang ang Perceived Risk ($\beta = -0.271$, $p < .001$) ay may makabuluhang negatibong ugnayan. Hindi makabuluhan ang moderating effect ng Kaginhawaan sa mga relasyon na ito (p-values: Perceived Security $\times$ Kaginhawaan = .934; Perceived Risk $\times$ Kaginhawaan = .093; Digital Financial Literacy $\times$ Kaginhawaan = .419). Ipinakita ng MANOVA na may makabuluhang pagkakaiba lamang sa Digital Financial Literacy sa pagitan ng mga henerasyon ($p = .04$).

Konklusyon: Binibigyang-diin ng mga natuklasan ang kahalagahan ng pagpapalakas ng perception ng seguridad at digital financial literacy upang maisulong ang patuloy na paggamit ng GCash. Pinapababa ng perceived risks ang intensiyon na muling gamitin, kaya't kailangan ang mga hakbang para mabawasan ang panganib. Hindi nakakaapekto ang Kaginhawaan bilang moderator sa mga relasyon na ito. Ang pagkakaiba-iba ng mga henerasyon sa digital literacy ay nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa target na edukasyonal na interbensyon upang suportahan ang patuloy na paggamit sa lahat ng edad.

Mga Keyword: Perceived Security, Perceived Risk, Digital Financial Literacy, Reuse Intention, Sustainable Development Goal 9 (Industriya, Inobasyon, at Imprastruktura)

Panimula

Ang pag-usbong ng mga serbisyong pinansyal sa buong mundo ay nakaranas ng makabuluhang pagbabago mula sa tradisyunal na cash-based na transaksyon tungo sa mga digital at cashless na alternatibo, na pinasimulan ng mga pag-unlad sa teknolohiya at pagbabago sa asal ng mga mamimili (Belmonte et al., 2024). Sa mga alternatibong ito, lalong naging laganap ang paggamit ng electronic wallets (E-wallets) na nagbibigay-daan sa mga gumagamit na magsagawa ng iba't ibang serbisyong pinansyal tulad ng pagbabayad ng bills, pagpapadala ng pera, at online na pamimili nang may kaginhawahan at seguridad (Susanto et al., 2022). Bagamat malawakang tinanggap ang mga inobasyong ito sa mga maunlad na bansa, nakaranas ng pag-aalinlangan at mga isyu kaugnay ng tiwala, seguridad, at digital literacy ang mga umuunlad na bansa tulad ng Pilipinas sa simula (Hernandez et al., 2022). Gayunpaman, ang lumalaking suporta mula sa mga ahensyang regulador tulad ng Bangko Sentral ng Pilipinas ay nagpabilis ng

1010



ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines



Website: <https://etcor.org>



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577



The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

pagtanggap, na kitang-kita sa mabilis na paglago ng GCash, ang nangungunang E-wallet sa bansa, na nakapagtala ng higit sa 60 milyong rehistradong gumagamit noong 2023 (Belmonte et al., 2024). Ang papel ng GCash ay naging higit na mahalaga lalo na sa panahon ng pandemya ng COVID-19, kung saan ang mga lockdown at social distancing ay nagpadali sa paglipat sa cashless transactions, na nagbigay daan sa mga Pilipino na ligtas at epektibong makipagtransaksyon gamit ang digital na pamamaraan (Acopiado et al., 2022).

Ayon sa pananaliksik, ang mga henerasyon ay may kanya-kanyang mga pananaw at ugali sa paggamit ng teknolohiya na maaaring makaapekto sa kanilang paggamit ng mga serbisyong digital na pinansyal. Ang Henerasyon X, na kilala sa pagiging praktikal, ay kadalasang pinahalagahan ang seguridad at pagiging maaasahan, ngunit maaaring mababa ang antas ng digital literacy kumpara sa mga mas batang henerasyon (Bryan & Hati, 2022; Fatima & Chakraborty, 2025; Yakoboski et al., 2018). Ang Millennials (Henerasyon Y) ay karaniwang mas bihasa sa teknolohiya at bukas sa paggamit ng mga bagong digital tools, na hinihikayat ng kaginhawahan at impluwensyang panlipunan (Yakoboski et al., 2018). Ang Henerasyon Z naman, bilang mga digital natives, ay nagpapakita ng mataas na antas ng ginhawa sa paggamit ng mobile technologies at karaniwang naghahanap ng madaling gamitin at seamless na karanasan ngunit sensitibo rin sa mga isyu ng privacy at seguridad (Generation X, Y, and Z: Differences and Characteristics - Iberdrola, n.d.). Ipinapakita ng mga pagkakaibang ito na ang mga salik na nakakaapekto sa intensiyon ng muling paggamit ng GCash—tulad ng perceived security, perceived risk, at digital financial literacy—ay maaaring magkaiba sa bawat henerasyon, kaya't mahalagang suriin ang kanilang natatanging pananaw sa populasyon ng Metro Manila. Bukod dito, ang kaginhawaan ay itinuturing na posibleng moderator ng mga relasyong ito, na maaaring magpalakas o magpahina sa epekto ng perceived risks at literacy sa kagustuhan ng mga gumagamit na ipagpatuloy ang paggamit ng GCash. Ang pag-unawa sa mga pagkakaibang ito ay mahalaga para sa pagbuo ng mga angkop na serbisyong pinansyal at polisiya na magpapalawak ng pagsasama sa pananalapi at magtataguyod ng patuloy na pakikilahok ng mga gumagamit sa Pilipinas.

Pangunahing Pahayag ng Suliranin

"Ano ang epekto ng Perceived Security, Perceived Risk, at Digital Financial Literacy sa Reuse Intention ng mga gumagamit ng GCash mula sa Henerasyon X, Y, at Z sa Metro Manila, kung saan ang Kaginhawaan ay nagmomoderate sa mga relasyong ito?"

Mga Pananaliksik na Tanong

1. Paano nagkakaiba ang antas ng Digital Financial Literacy sa pagitan ng mga gumagamit ng GCash mula sa Henerasyon X, Y, at Z sa Metro Manila?
2. Nagkakaiba ba nang makabuluhan ang moderating effect ng Kaginhawaan sa relasyon ng Perceived Security, Perceived Risk, at Digital Financial Literacy sa Reuse Intention sa pagitan ng mga Henerasyon X, Y, at Z?
3. Bukod sa Perceived Security, Perceived Risk, Digital Financial Literacy, at Kaginhawaan, ano pa ang iba pang mga salik na makabuluhang nakakaapekto sa Reuse Intention ng mga gumagamit ng GCash sa Metro Manila sa iba't ibang henerasyon?
4. Anong mga rekomendasyon ang maaaring ibigay batay sa mga natuklasan ng pag-aaral?

Pagsusuri ng mga kaugnay na literatura

Perspektibo ng mga Henerasyon sa Paggamit ng Teknolohiya, Digital na Pananalapi, at Tiyaansang Pampinansyal

Ipinapakita ng Henerasyon X, Y (Millennials), at Z ang magkakaibang asal sa paggamit ng teknolohiya at digital na pananalapi, na hinubog ng kanilang karanasan at antas ng digital literacy. Ayon sa Iberdrola (n.d.), ang Gen X (1965–1980) ay mga digital immigrants na unti-unting tumanggap ng teknolohiya. Bagamat gumagamit sila ng online banking, mas pinipili pa rin nila ang tradisyunal na paraan sa masalimuot na usaping pinansyal at mas maingat sa panganib (Fuscaldo, 2025). Ang Millennials (1981–1996) ay mga digital natives na nangunguna sa paggamit ng mobile banking at fintech apps. Pinahalagahan nila ang convenience, automation, at personalized na serbisyo, at mas bukas sa panganib kung may malinaw na benepisyo, ngunit nananatiling may pag-aalala sa pamamahala ng utang (Yakoboski

1011



ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines



Website: <https://etcor.org>



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577



The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

et al., 2018). Ang Gen Z (1997–2012) ay ganap na lumaki sa digital na mundo. Komportable sila sa teknolohiya at mas bukas sa pabagu-bagong asset tulad ng crypto. Gayunpaman, kadalasang kulang sila sa financial literacy na maaaring maging hamon sa pamamahala ng panganib (Dimock, 2019). Bagamat lahat ng henerasyon ay gumagamit ng teknolohiya, Gen Z ang pinaka-digital sa araw-araw, kasunod ang Millennials, habang ang Gen X ay mas mapili. Sa digital finance, mas aktibo ang Gen Z at Millennials, habang ang Gen X ay nananatiling konserbatibo (Lauria, 2024; Iberdrola, n.d.). Mahalaga ang pag-unawa sa mga pagkakaibang ito upang makalikha ng mga programang angkop sa bawat henerasyon.

Gcash

Ang GCash, na inilunsad noong 2004, ay isa sa mga nangungunang mobile money services sa Pilipinas, na orihinal na binuo ng Globe Telecom sa pamamagitan ng fintech subsidiary nito na Mynt, isang joint venture kasama ang ANT Group at Ayala Corporation (Company Information, n.d.; Lacap, 2022). Nilikha ang platform upang bigyang-daang ang mga Pilipino na magkaroon ng madaling access sa mga serbisyong pinansyal gamit ang mobile, na unang nakatuon sa mga pangunahing bayarin at remittance. Sa paglipas ng panahon, ang GCash ay umunlad bilang isang komprehensibong digital financial ecosystem na kinabibilangan ng pagbabayad ng bills, online shopping, microloans, at mga opsyon sa pamumuhunan, kaya lumawak ang epekto nito sa pananalapi ng bansa (Susilo & Dizon, 2023). Sa ilalim ng pamumuno ng mga executive ng Globe Telecom at mga innovator sa fintech sa Mynt, ginamit ng GCash ang malawak na telecommunications infrastructure ng Globe para mabilis na mapalawak ang base ng mga gumagamit at mga serbisyong inaalok. Ang Globe Telecom, na nakalista sa Philippine Stock Exchange sa ilalim ng ticker symbol na "GLO," ang pangunahing kompanya na nag-uugnay sa telecom at fintech sectors na nagtutulak sa paglago ng GCash (Company Information, n.d.; Mynt - About, n.d.; Velez, 2025) (Philippine Stock Exchange, 2024). Mahalaga ang seguridad para sa GCash dahil ito ay ginagamit sa sensitibong transaksyong pinansyal. Gumagamit ito ng two-factor authentication, biometric verification, at fraud monitoring upang maprotektahan ang data ng gumagamit (Lacap, 2022; Susilo & Dizon, 2023). Gayunpaman, nananatili ang banta ng phishing at hacking, kaya't mahalaga ang patuloy na inobasyon at digital literacy education (Gumasing et al., 2023). Sa panahon ng pandemya, mas tinangkik ang GCash dahil sa pangangailangan sa contactless payments at distribusyon ng ayuda. Ipinakita nito ang papel ng fintech sa pagtugon sa krisis. Gayunman, may hamon pa sa digital literacy at regulasyon. Sa kabuuan, ang GCash ay patunay na ang ligtas na digital finance ay mahalaga sa financial inclusion at kaunlaran sa mga umuunlad na ekonomiya (Cacas et al., 2022).

Perceived Security (Persepsyon sa Seguridad)

Ang persepsyon sa seguridad ay isang mahalagang salik sa pagtanggap at patuloy na paggamit ng mobile payment services, lalo na sa Pilipinas at sa Asya (Kruzikova et al., 2024). Tumutukoy ito sa paniniwala ng mga gumagamit na ligtas at maaasahan ang isang sistema sa pagprotekta ng personal at pinansyal na impormasyon (Chong et al., 2024). Apektado ito ng disenyo ng system, tiwala sa provider, at mga tampok tulad ng authentication at encryption (Zhang et al., 2019). Bagaman ipinapakita sa mga pag-aaral ang positibong ugnayan ng perceived security sa reuse intention, may mga pagkakataong hindi ito lumalabas na estadistikang makabuluhan (Visakha & Keni, 2022). Mas malakas minsan ang epekto ng ease of use at satisfaction. Sa Pilipinas, ipinakita ni Ali (2024) na mahalaga ang perceived security sa pagtanggap ng GCash, ngunit may mga hadlang tulad ng panlilinlang at teknikal na aberya. Ipinapakita rin ng ibang lokal na pag-aaral na ang seguridad ang may pinakamababang score sa mga salik na sinusuri (Ana et al., 2023), kaya't kailangan pa itong paigtingin upang mapanatili ang tiwala ng mga gumagamit. Sa Asya, pareho ang mga natuklasan—malaki ang papel ng security perception sa paggamit ng mobile wallets (Liu et al., 2025). Kapag mababa ang tiwala sa seguridad, tumataas ang perceived risk, na siyang nagpapababa sa intensiyon ng mga gumagamit na ipagpatuloy ang serbisyo (Wang, 2025; Almaiah et al., 2022).

Perceived Risk (Persepsyon sa Panganib)

Ang persepsyon sa panganib ay tumutukoy sa personal na pagtataya ng isang indibidwal sa mga posibleng negatibong resulta ng isang desisyon, batay sa kawalang-katiyakan (Bauer, 1960). Hindi ito laging nakabase sa

1012



ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines



Website: <https://etcor.org>



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577



The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

katotohanan, kundi nahuhubog ng paniniwala, karanasan, at konteksto (Pathak & Pathak, 2017; Zhang & Yu, 2020). Ayon kina Jacoby & Kaplan (1972), may iba't ibang dimensyon ang risk: pinansyal, performance, pisikal, sosyal, at sikolohikal—lahat ay may impluwensya sa desisyon ng mamimili. Halimbawa, maaaring mag-atubili ang isang gumagamit dahil sa takot na mawalan ng pera o hindi tanggapin sa lipunan ang kanyang desisyon. Ipinakita ng mga pag-aaral (Abbasi et al., 2024; Amirtha et al., 2020) na habang tumataas ang perceived risk, bumababa ang kagustuhan ng mga mamimili na makipagtransaksyon, lalo na online. Binibigyang-diin nina Hanif & Lallie (2021) na ang risk ay galing sa kawalang-katiyakan, na nagdudulot ng pag-aalinlangan sa mga desisyong pinansyal.

Digital Financial Literacy (Digital na Kasanayan sa Pananalapi)

Ang digital financial literacy (DFL) ay tumutukoy sa kakayahan ng isang indibidwal na ma-access, maunawaan, at gamitin ang mga digital na serbisyong pinansyal upang makagawa ng matalinong desisyong pinansyal (Lusardi & Mitchell, 2014). Sinasaklaw nito ang pinagsamang kaalaman sa pananalapi, kasanayang digital, at kamalayan sa panganib (Afable, 2024; Chen & Volpe, 1998). Sa Asya, mahalaga ang DFL sa harap ng mabilis na digital transformation at pagsusumikap sa financial inclusion (Desy Wulan Ayuning Gumilar et al., 2024). Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang mataas na DFL ay may direktang ugnayan sa paggamit ng mobile wallets gaya ng GCash at sa kakayahang maiwasan ang cyber risks (ANGELES, 2022; Ong et al., 2023). Bukod sa pagpapadali ng access sa financial services, pinapalakas ng DFL ang kumpiyansa sa paggamit ng fintech at nagpapababa ng hadlang sa pagtanggap ng mga bagong teknolohiya (Adel, 2024; Morgan, 2022). Sa mga umuunlad na bansa, nakikita ito bilang susi sa pagtawid ng digital divide, lalo na sa mga komunidad sa kanayunan, kababaihan, at matatanda (Ong et al., 2023; Asian Development Bank, 2016). Dahil dito, maraming bansa sa Asya ang nagtutulungan sa pagbuo ng mga programang pang-edukasyon at patakarang susuporta sa sustainable at inklusibong digital finance ecosystems (Verma & Chatterjee, 2025).

Reuse Intention (Intensiyon na Muling Gamitin)

Ang reuse intention ay tumutukoy sa sinasadyang desisyon ng isang indibidwal na ipagpatuloy ang paggamit ng isang produkto, serbisyo, o teknolohiya sa paglipas ng panahon (Ladkoom & Thanasopon, 2020). Sa konteksto ng mga digital na plataporma, ito ay mahalaga sa pagpapanatili ng aktibong user base, lalo na sa mga serbisyong umaasa sa patuloy na pakikilahok gaya ng mobile wallets at fintech applications. Ipinakita ng mga pag-aaral na maraming salik ang nakaaapekto sa reuse intention. Halimbawa, sa larangan ng social media, nakita nina Liang & Yoon (2022) na ang pakikilahok at emosyonal na koneksyon ng mga user ay may malaking epekto sa kanilang kagustuhang bumalik at gumamit muli. Sa edukasyon, natuklasan nina Xu & Qiu (2021) na ang self-regulation at perceived usefulness ay mahalaga sa patuloy na paggamit ng e-learning platforms. Sa financial technology, ang tiwala (trust) at mga benepisyong nakikita ng mga gumagamit (perceived benefits) ay direktang nauugnay sa reuse intention. Ipinakita nina Narahdita et al. (2020) na kapag mataas ang tiwala ng user sa sistema, mas malamang na ipagpatuloy nila ang paggamit nito. Bilang teoretikal na balangkas, ang Technology Acceptance Model (TAM) ni Davis (1989) ay malawakang ginagamit upang ipaliwanag ang reuse intention. Ayon sa TAM, ang perceived usefulness at perceived ease of use ang pangunahing nagpapakilos sa mga gumagamit na ipagpatuloy ang paggamit ng isang teknolohiya. Sa mga pag-aaral sa Asya, gaya ng kay Djumarmo (2022) sa Go-Pay sa Indonesia at kay Zhou et al. (2009) sa China, napatunayang positibong nakakaapekto ang mga salik na ito sa intensiyon ng muling paggamit.

Kaginhawaan (Convenience)

Ang kaginhawaan ay isang mahalagang salik sa asal ng mamimili, lalo na sa digital platforms, dahil sinasaklaw nito ang kadalian, bilis, at pagiging abot-kamay ng mga serbisyo (N. Ali et al., 2015). Sa konteksto ng teknolohiya, malaki ang papel nito sa kasiyahan at katapatan ng gumagamit (Adita Putri & Sjech Djamil Djambek Bukittinggi, 2024). Ayon sa Technology Acceptance Model (TAM) ni Davis (1989), ang perceived usefulness at ease of use ang pangunahing tagapagpahiwatig ng pagtanggap sa teknolohiya. Sa mga sumunod na pag-aaral, kinilala ang kaginhawaan bilang panlabas na salik na nagpapalakas sa ease of use, kaya't nakaaapekto rin ito sa behavioral intention ng gumagamit (Hsu & Chang, 2013). Bagaman sa ilang kaso ay hindi napatunayang makabuluhan ang moderating effect ng kaginhawaan—gaya sa internet banking sa Malaysia (Ali et al., 2015)—lumalabas na sa mobile commerce, ang convenience ay may direktang epekto sa reuse intention. Sa isang pag-aaral sa online transportation services sa

1013



ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines



Website: <https://etcor.org>



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577



The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Jakarta, nakita na ang kaginhawaan, usability, at promosyon ay positibong nakakaapekto sa patuloy na paggamit ng serbisyo (Adita Putri & Sjech Djamil Djambek Bukittinggi, 2024).

Puwang sa Pananaliksik (Research Gap)

Bagamat maraming naunang pag-aaral ang nakatulong sa pagpapalawak ng kaalaman tungkol sa pagtanggap ng mga digital na serbisyong pinansyal at mga pagkakaiba-iba ng mga henerasyon sa paggamit ng teknolohiya, may mga mahahalagang puwang pa rin na humahadlang sa ganap na pag-unawa sa mga salik na nakakaapekto sa intensiyon ng muling paggamit ng GCash sa iba't ibang henerasyon sa Pilipinas.

Puwang sa Teorya

Karamihan sa mga umiiral na pag-aaral ay gumagamit ng mga framework tulad ng Technology Acceptance Model (TAM) upang ipaliwanag ang unang pagtanggap at patuloy na paggamit ng mga mobile payment platform (Davis, 1989; Visakha & Keni, 2022). Gayunpaman, madalas na hindi napapansin ng mga modelong ito ang masalimuot na ugnayan sa pagitan ng perceived security, perceived risk, at digital financial literacy sa konteksto ng mga henerasyon. Bagamat may mga natuklasan na nagpapakita ng magkakaibang saloobin ng mga henerasyon ukol sa teknolohiya at pinansyal na panganib (M. Ali et al., 2023; Cacas et al., 2022; Lauria, 2024), kakaunti ang mga pag-aaral na isinama ang mga pagkakaibang ito sa mga modelong naglalarawan ng patuloy na paggamit ng fintech. Bukod dito, ang papel ng kaginhawaan bilang moderating variable—isang mahalagang salik sa behavioral intention (Adita Putri & Sjech Djamil Djambek Bukittinggi, 2024; N. Ali et al., 2015; Jebarajakirthy & Shankar, 2021)—ay kulang sa pag-aaral sa konteksto ng muling paggamit ng E-wallet. Nililimitahan nito ang teoretikal na pag-unawa kung paano sabay-sabay na nakakaapekto ang mga konstrukto sa reuse intention ng mga Gen X, Y, at Z sa mga umuunlad na merkado tulad ng Pilipinas, kung saan may mga hamon sa pagsasama sa pananalapi (Afable, 2024b; Ong et al., 2023; G. Xu et al., 2024).

Puwang sa Metodo

Nananatili ang paggamit ng mga quantitative survey at structural equation modeling bilang pangunahing pamamaraan sa mga nakaraang pag-aaral tungkol sa pagtanggap at muling paggamit ng mobile payment (Djumarno, 2022; Zhou et al., 2009), na nagbibigay ng mahahalagang estadistikal na pananaw ngunit kulang sa kontekstuwal na lalim tungkol sa mga karanasan ng mga gumagamit kaugnay ng mga isyu sa seguridad at kaginhawaan. Bukod dito, kakaunti ang mga pag-aaral na naghihiwalay ng datos ayon sa mga henerasyong panggrupo sa larangan ng fintech sa Pilipinas, kaya limitado ang mga komparatibong pananaw sa pagitan ng Gen X, Y, at Z (Fuscaldo, 2025; Lauria, 2024). Dagdag pa rito, kulang ang mga empirical na pagsisiyasat na isinasama ang kaginhawaan bilang moderating variable sa mga modelong naglalarawan ng intensiyon ng muling paggamit (Bryan & Hati, 2022), lalo na sa natatanging sosyo-ekonomikong konteksto ng Pilipinas kung saan malaki ang pagkakaiba-iba sa digital access at literacy (Belmonte et al., 2024; Detros, 2023; Prasetyo et al., 2025). Ang paggamit ng mixed-methods o komparatibong pagsusuri ng mga henerasyon ay maaaring magbigay ng mas malalim na pag-unawa sa mga hadlang at motibasyon na humuhubog sa patuloy na paggamit ng GCash, na magpapalakas sa parehong teoretikal na pundasyon at praktikal na kahalagahan.

Operasyonal na Balangkas (Operational Framework)

Layunin ng operasyonal na balangkas na suriin ang mga salik na nakakaapekto sa Reuse Intention ng GCash sa mga gumagamit mula sa Henerasyon X, Y (Millennials), at Z sa Metro Manila. Kabilang sa mga independiyenteng variable ang Perceived Security, Perceived Risk, at Digital Financial Literacy, na direktang nakakaapekto sa desisyon ng mga gumagamit na ipagpatuloy ang paggamit ng digital financial services tulad ng GCash. Ang Perceived Security ay tumutukoy sa tiwala ng mga gumagamit na ligtas ang kanilang impormasyon habang ginagamit ang GCash (Y. Zhang, 2024). Ang Perceived Risk ay sumasalamin sa kanilang pangamba sa posibleng negatibong resulta ng paggamit, gaya ng panlililalang o data breach (Liu et al., 2025). Samantala, ang Digital Financial Literacy ay kaalaman at kasanayan sa paggamit ng digital finance tools, na may positibong epekto sa financial behavior at inclusion (Adel, 2024). Ang Reuse Intention, bilang dependent variable, ay kumakatawan sa kahandaan ng mga gumagamit na patuloy na gumamit ng GCash (Ladkoom & Thanasopon, 2020). Idinagdag rin ang Kaginhawaan bilang moderating variable, na tumutukoy sa

1014



ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: <https://etcor.org>



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577




The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

kadalian, bilis, at kahusayan ng serbisyo (Shankar & Rishi, 2020), at maaaring magpalakas o magpahina sa epekto ng pangunahing salik sa reuse intention.

Figura 1

Operasyonal na Balangkas ng Pagaaral



Mga Hipotesis (Hypotheses)

- H1:** Walang makabuluhang positibong epekto ang Perceived Security sa Reuse Intention ng mga gumagamit ng GCash mula sa Henerasyon X, Y, at Z sa Metro Manila, Pilipinas.
- H2:** Walang makabuluhang positibong epekto ang Perceived Risk sa Reuse Intention ng mga gumagamit ng GCash mula sa Henerasyon X, Y, at Z sa Metro Manila, Pilipinas.
- H3:** Walang makabuluhang positibong epekto ang Digital Financial Literacy sa Reuse Intention ng mga gumagamit ng GCash mula sa Henerasyon X, Y, at Z sa Metro Manila, Pilipinas.
- H4:** Walang makabuluhang positibong epekto nang sabay-sabay ang Perceived Security, Perceived Risk, at Digital Financial Literacy sa Reuse Intention ng mga gumagamit ng GCash mula sa Henerasyon X, Y, at Z sa Metro Manila, Pilipinas.
- H5:** Hindi makabuluhang nagpapamoderate ang Kaginghawaan sa relasyon ng Perceived Security at Reuse Intention ng mga gumagamit ng GCash mula sa Henerasyon X, Y, at Z sa Metro Manila, Pilipinas.
- H6:** Hindi makabuluhang nagpapamoderate ang Kaginghawaan sa relasyon ng Perceived Risk at Reuse Intention ng mga gumagamit ng GCash mula sa Henerasyon X, Y, at Z sa Metro Manila, Pilipinas.
- H7:** Hindi makabuluhang nagpapamoderate ang Kaginghawaan sa relasyon ng Digital Financial Literacy at Reuse Intention ng mga gumagamit ng GCash mula sa Henerasyon X, Y, at Z sa Metro Manila, Pilipinas.
- H8:** Walang makabuluhang pagkakaiba sa estadistika sa pagitan ng Henerasyon X, Y, at Z sa Metro Manila, Pilipinas, kaugnay ng kanilang persepsyon sa Perceived Security.
- H9:** Walang makabuluhang pagkakaiba sa estadistika sa pagitan ng Henerasyon X, Y, at Z sa Metro Manila, Pilipinas, kaugnay ng kanilang persepsyon sa Perceived Risk.
- H10:** Walang makabuluhang pagkakaiba sa estadistika sa pagitan ng Henerasyon X, Y, at Z sa Metro Manila, Pilipinas, sa antas ng Digital Financial Literacy.
- H11:** Walang makabuluhang pagkakaiba sa estadistika sa pagitan ng Henerasyon X, Y, at Z sa Metro Manila, Pilipinas, kaugnay ng kanilang Reuse Intention sa GCash.

Pamamaraan ng Pananaliksik (Research Methodology)

Gumamit ang pag-aaral ng quantitative research design na kinabibilangan ng descriptive, correlational, at causal-explanatory approaches upang suriin ang epekto ng Perceived Security, Perceived Risk, Digital Financial Literacy, at Kaginghawaan sa Reuse Intention ng mga GCash users mula sa Henerasyon X, Y, at Z sa Metro Manila. Isinagawa



ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines



Website: <https://etcor.org>



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577



The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

ang pangangalap ng datos mula Disyembre 2024 hanggang Marso 2025 upang subukin ang 11 hipotesis. Gamit ang purposive sampling, kinuha ang 450 kalahok—tig-150 bawat henerasyon—upang masiguro ang sapat na representasyon. Ang datos ay nakalap online at offline sa pamamagitan ng structured questionnaire na binubuo ng anim na bahagi, gamit ang 5-point Likert scale (1 = Lubos na Hindi Sumasang-ayon hanggang 5 = Lubos na Sumasang-ayon). Siniguro ang privacy at nakuha ang informed consent ng mga kalahok. Isinagawa ang descriptive statistics upang ilarawan ang demograpiko at pangunahing variable. Sinundan ito ng Pearson's correlation upang suriin ang ugnayan ng mga variable. Para sa H1–H4, ginamit ang simple at multiple regression upang sukatin ang epekto ng mga salik sa reuse intention. Para sa H5–H7, ginamit ang moderated regression upang suriin ang epekto ng kaginhawaan bilang moderator. Samantala, sinuri ang H8–H11 gamit ang MANOVA upang tukuyin ang pagkakaiba sa mga pananaw ng bawat henerasyon. Ginamit ang Microsoft Excel para sa data cleaning at Jamovi software para sa statistical analysis. Sa kabuuan, pinahintulutan ng disenyo ang masusing pagsusuri sa direktang epekto, moderating role, at pagkakaibang henerasyonal sa patuloy na paggamit ng GCash.

Mga Etikal na Pagsasaalang-alang (Ethical Considerations)

Mahalaga ang mga etikal na pagsasaalang-alang sa pananaliksik upang matiyak ang karapatan, pagiging kumpidensyal, at kapakanan ng mga kalahok. Nakuha ang **informed consent** bago ang partisipasyon, at ipinaliwanag nang malinaw ang layunin, proseso, at posibleng panganib o benepisyo. Siniguro ang pagiging kumpidensyal ng impormasyon sa pamamagitan ng ligtas na pag-iimbak ng datos at limitadong akses para lamang sa mga awtorisadong mananaliksik. Sinunod din ang mga pamantayang moral sa paghawak at pagbabahagi ng resulta upang mapanatili ang integridad ng pananaliksik at respeto sa mga kalahok.

Mga Resulta ng Pag-aaral (Results of the Study)

Mga Estadistikang Deskriptibo (Descriptive Statistics)

Talaan 1

Frequency at Percentage Distribution ng Kasarian (N = 450)

Kasarian	f	%
Babae	235	52.2%
Lalaki	200	44.4%
Iba pa	15	3.3%

Mas maraming kababaihan (52.2%) ang gumagamit ng GCash kaysa kalalakihan (44.4%), habang 3.3% ay kabilang sa iba pang kasarian. Ipinapakita nito ang aktibong papel ng kababaihan sa digital na pananalapi sa Pilipinas, lalo na sa pamamahala ng gastusin sa bahay gamit ang mga mobile wallet (Asian Development Bank, 2016; Afable, 2024b). Ang mataas na porsyento ng mga lalaki ay nagpapakita rin ng pagtanggap sa GCash sa iba't ibang kasarian, lalo na sa mga propesyonal at kabataan. Bagamat maliit, mahalaga rin ang representasyon ng iba pang kasarian upang isulong ang inclusivity sa fintech. Sa kabuuan, malawak ang pagtanggap sa GCash ng lahat ng kasarian, at mahalaga ang pag-unawa sa kanilang natatanging pangangailangan upang makalikha ng mas inklusibong mga solusyon.

Talaan 2

Frequency at Percentage Distribution ng Pinakamataas na Antas ng Edukasyon (N = 450)

Antas ng Edukasyon	f	%
Nagtapos ng Kolehiyo	265	58.9%
Vocational-Technical	70	15.6%
Nagtapos ng High School	55	12.2%
Nagtapos ng Postgraduate	30	6.7%
Nagtapos ng Elementarya	20	4.4%



ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines



Website: <https://etcor.org>



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577



The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Antas ng Edukasyon	f	%
Iba pa	10	2.2%

Ipinapakita ng datos na karamihan sa mga respondent (58.9%) ay may antas na kolehiyo, sinusundan ng vocational-technical (15.6%) at high school graduates (12.2%). Kaunti ang may postgraduate degree (6.7%), elementary education (4.4%), at iba pa (2.2%). Ipinapahiwatig nito na karamihan sa mga gumagamit ng GCash ay may mataas na edukasyon, na positibong nauugnay sa **digital financial literacy** (Lusardi & Mitchell, 2014; Morgan, 2022). Bagamat mas kaunti, may potensyal ang vocational graduates na mahusay sa paggamit ng fintech. Samantala, ang mga may mas mababang antas ng edukasyon ay maaaring humarap sa hamon sa paggamit ng digital platforms (Asian Development Bank, 2016), kaya't mahalaga ang **naka-angkop na digital literacy programs**. Ang mga postgraduate users, bagamat maliit na bahagi, ay maaaring kabilang sa mga mas aktibong gumagamit ng GCash dahil sa tiwala at familiarity sa teknolohiya (Adel, 2024).

Talaan 3

Frequency at Percentage Distribution ng Dalas ng Paggamit ng GCash (N = 450)

Dalas ng Paggamit	f	%
Ilang beses sa isang linggo	290	64.4%
Araw-araw	90	20.0%
Ilang beses sa isang buwan	40	8.9%
Isang beses sa isang linggo	20	4.4%
Isang beses sa isang buwan o mas madalang pa	10	2.2%

Ipinapakita ng dalas ng paggamit na mataas ang engagement ng mga respondent sa GCash, kung saan karamihan (64.4%) ay gumagamit nito nang ilang beses sa isang linggo. Ang mga araw-araw na gumagamit ay 20%, habang mas maliit ang bahagi ng mga gumagamit nang ilang beses sa isang buwan, isang beses sa isang linggo, o mas madalang (8.9%, 4.4%, at 2.2%). Ang distribusyong ito ay nagpapahiwatig na naging bahagi na ng pang-araw-araw na gawi ng mga gumagamit ang GCash, sa mga transaksyong gaya ng pagbabayad ng bills, remittances, at online shopping. Kadalasang mas mataas ang kasiyahan at pagtitiwala kapag mas madalas ang paggamit (Visakha & Keni, 2022), kaya ang malaking porsyento ng araw-araw at lingguhang paggamit ay sumasalamain sa kaginhawaan at pagiging maaasahan ng platform. Ang mas maliit na porsyento ng mga hindi madalas na gumagamit ay maaaring nagpapakita ng mga segment na may limitadong access o digital literacy, o mas gusto ang tradisyunal na paraan ng pagbabayad. Maaaring makatulong ang mga targeted na interbensyon upang mapataas ang kanilang pagtitiwala at engagement.

Talaan 4

Average na Iskor kada Tanong

Tanong	Average na Iskor
Perceived Security	
Epektibo ang mga hakbang ng GCash para maprotektahan ang aking personal na impormasyon (1-5)	2.59
Nararamdaman kong ligtas ang aking mga transaksyong pinansyal gamit ang GCash (1-5)	2.54
Nagbibigay ang GCash ng sapat na impormasyon tungkol sa mga tampok nito sa seguridad (1-5)	2.60
Nagtitiwala ako na pipigilan ng GCash ang hindi awtorisadong pag-access sa aking account (1-5)	2.47
Ginagamit ng GCash ang mga makabagong teknolohiya sa seguridad (1-5)	2.47
Perceived Risk	
Nangamba ako tungkol sa posibilidad ng panlilinlang sa paggamit ng GCash (1-5)	3.18
May panganib na mawala ang pera dahil sa teknikal na problema sa GCash (1-5)	3.19
Nag-aalala ako na maaaring makompromiso ang aking personal na data sa paggamit ng GCash (1-5)	3.15



ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines



Website: <https://etcor.org>



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577



The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Tanong	Average na Iskor
Pinapataas ng paggamit ng GCash ang aking exposure sa online scams (1-5)	3.12
Nangamba ako tungkol sa privacy ng aking mga transaksyon sa GCash (1-5)	3.13
Digital Financial Literacy	
Nauunawaan ko kung paano gumagana ang mga mobile wallet tulad ng GCash (1-5)	3.55
Kumpiyansa ako sa aking kakayahan na gamitin ang iba't ibang features ng GCash (1-5)	3.55
Alam ko kung paano kilalanin at iwasan ang mga online financial scams (1-5)	3.50
Naiintindihan ko ang kahalagahan ng pagpapanatiling ligtas ang aking GCash account (1-5)	3.41
Alam ko ang mga bayarin at charges na kaakibat ng paggamit ng GCash (1-5)	3.39
Kaginhawaan (Convenience)	
Pinadadali ng paggamit ng GCash ang aking pagbabayad (1-5)	2.88
Pinapabilis ng GCash ang aking mga transaksyong pinansyal (1-5)	2.85
Isang maginhawang alternatibo ang GCash sa tradisyunal na paraan ng pagbabayad (1-5)	2.91
Madaling gamitin at i-navigate ang GCash application (1-5)	2.90
Nakakatipid ng oras at pagsisikap ang GCash sa pamamahala ng aking pananalapi (1-5)	2.85
Reuse Intention	
Plano kong ipagpatuloy ang paggamit ng GCash sa hinaharap (1-5)	3.49
Malamang na gagamitin ko pa ang GCash nang mas madalas sa aking mga transaksyon (1-5)	3.42
Ire-rekomenda ko ang paggamit ng GCash sa aking mga kaibigan at pamilya (1-5)	3.42
Plano kong panatilihin ang GCash bilang isa sa aking pangunahing paraan ng pagbabayad (1-5)	3.43
Kahit may ibang mobile wallet na maging available, mas pipiliin ko pa rin ang GCash (1-5)	3.45

Ipinakita ng Perceived Security ang mababang average na iskor (pinakamataas: 2.60), na nagpapahiwatig ng limitadong tiwala ng mga gumagamit sa kakayahan ng GCash na maprotektahan ang kanilang impormasyon. Ipinapakita nito ang pangangailangan para sa mas malinaw na komunikasyon at mas matatag na seguridad. Mas mataas ang scores para sa Perceived Risk (3.12–3.19), na nagpapakita ng patuloy na pag-aalala sa panlilinlang, teknikal na problema, at privacy. Ang kombinasyon ng mababang seguridad at mataas na risk perception ay nagpapaliwanag ng kakulangan sa kumpiyansa ng mga gumagamit, kahit pa may digital literacy. Nangangailangan ito ng agarang tugon mula sa GCash sa pamamagitan ng mas mahusay na proteksyon at edukasyon sa users. Samantala, ang Digital Financial Literacy ang may pinakamataas na mean (hanggang 3.55), na nagpapakita ng kumpiyansa ng mga gumagamit sa paggamit ng GCash. Gayunpaman, may mga puwang pa sa kaalaman ukol sa bayarin at cybersecurity. Ang Kaginhawaan ay nasa katamtamang antas (mean < 3.0), na nagpapahiwatig ng moderate na kasiyahan. Maaaring sanhi ito ng app glitches, mabagal na transaksyon, o navigation issues. Para sa Reuse Intention, lumabas ang mataas na commitment (mean: 3.49), na nagpapakita ng kasalukuyang katapatan sa GCash, ngunit may banta ng paglipat kung may mas secure o mas maginhawang alternatibo.

Talaan 5

Average na Iskor Bawat Variable

Variable	Average na Iskor	Interpretasyon
Kaginhawaan	2.88	Neutral
Digital Financial Literacy	3.48	Sumasang-ayon
Naiisip na Panganib	3.15	Neutral
Naiisip na Seguridad	2.53	Hindi Sumasang-ayon
Intensiyon sa Muling Paggamit	3.44	Sumasang-ayon



ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines



Website: <https://etcor.org>



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577



The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Ang iskor para sa kaginhawaan (2.88) ay nasa neutral na lebel, na nagpapahiwatig ng sapat ngunit hindi lubos na kasiyahan sa paggamit ng GCash—lalo na sa aspeto ng interface at bilis ng transaksyon. Mataas naman ang digital financial literacy (3.48), na nagpapakita ng kakayahan ng mga gumagamit na ligtas at epektibong gamitin ang platform. Ang perceived risk (3.15) ay nasa gitnang antas—may pagkilala sa mga panganib ngunit hindi sapat upang ganap na hadlangan ang paggamit. Gayunpaman, mababa ang perceived security (2.53), na nagpapakita ng pagdududa sa kaligtasan ng serbisyo at nangangailangan ng agarang tugon mula sa GCash. Sa kabila nito, mataas ang reuse intention (3.44), na nagpapahiwatig ng patuloy na pagtangkilik ng mga gumagamit, sa kabila ng mga agam-agam sa seguridad.

Analisis ng Korelasyon (Correlation Analysis)

Talaan 6

Correlation Matrix

	Perceived Security	Perceived Risk	Digital Financial Literacy	Kaginhawaan	Reuse Intention
Perceived Security	—				
Perceived Risk	-0.343***	—			
Digital Financial Literacy	0.347***	-0.328***	—		
Kaginhawaan	0.454***	-0.491***	0.362***	—	
Reuse Intention	0.563***	-0.494***	0.509***	0.628***	—

Note. * $p < .05$, ** $p < .01$, *** $p < .001$

